Pangalan _____

Pagkilala sa Pandiwa

Bawat pangungusap ay may isang salita na nagpapakita ng kilos o galaw. Ang tawag sa salitang kilos na ito ay **pandiwa**. Bilugan ang pandiwa sa bawat pangungusap.

1. Si Nanay ay nagluluto ng hapunan.
2. Tapos na ako maghugas ng mga pinggan.
3. Binabasa ni Tatay ang bagong diyaryo.
4. Si Amelia ay nag-aaral sa kanyang silid.
5. Naglalaro ang mga bata sa bakuran.
6. Ang pusa ay humiga sa ilalim ng mesa.
7. Bumuhos ang malakas na ulan.
8. Agad na pumasok ng bahay ang mga bata.
9. Kinuha ni Kuya Bert ang payong sa sala.
10. Si Mateo ay bibili ng meryenda sa tindahan.
11. Magsisimba sina Lolo at Lola mamaya.
12. Si Amelia ay sasabay sa kanila.
13. Sina Bert at Mateo ay nagmemeryenda.
14. Isinuot ni Amelia ang kanyang bagong sapatos.
15. Sina Lolo, Lola, at Amelia ay sumakay sa taksi.

© 2013 Pia Noche

www.samutsamot.com

LIVEWORKSHEETS